

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PilHealth Circular	
	Circular No.	2023- 0022
	Title	Recognizing Third Party Accreditors

Tanong	Sagot
1. Ano ang layunin ng polisiyang ito?	Layon nitong kilalanin ng PhilHealth ang ibang organisasyon, local man o international bilang “Third Party Accrerator” na syang magsusuri ng mga ospital at out-patient facilities gamit ang “Benchbook for Hospitals 2 at Benchbook for Non-hospital.”
2. Paano ang gagawing pagkilala ng PhilHealth sa mga ganitong organisasyon?	Magkakaroon ng kontrata ang PhilHealth at ang kikilalaning organisasyon matapos maipasa ang kinakailangang dokumento sa PhilHealth at pumasa sa panuntunan ng recognition.
3. Ano ang magiging role ng mga Third Party Accreditors?	Sila ang magsusuri sa mga ospital at outpatient facilities gamit ang mga panuntunan ng Benchbook. Tutulungan din nila ang mga ito na makasunod sa mga panuntunan ng Benchbook. Kailangan din na may kakayahan ang mga Third Party Accreditors na makapag-survey sa buong Pilipinas.
4. Ano ang mangyayari sa mga ospital at outpatient facilities na nakasunod sa survey ng Third Party Accreditors?	Pagkatapos ng tamang proseso, maaari silang kikilalaning “Centers of Excellence” dahil sa ipinakita nilang pagsunod sa mga pamantayan na nauukol sa kalidad ng kalingang pangkalusugan.
5. Maaari pa bang magsagawa ng pagsusuri sa ospital at outpatient facilities ang PhilHealth kahit nakapasa na sya sa survey ng Third Party Accreditors?	Maaari pa ring suriin ng Philhealth ang nakapasa na sa Third Party Accreditors at gumamit ng iba pang panuntunan lalo na sa “financial risk protection standards” na mahalaga sa mga miyembro.